Inihahanda namin para sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Siwak niya at pampalinis niya,Gigisingin Siya ni Allah sa anumang [oras] na naisin Niya itong gisingin sa gabi,Maglilinis siya sa kanyang mga ngipin [gamit ang Siwak],at magsasagawa ng Wudhu at magdadasal

Ayon kay Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi:Inihahanda namin para sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Siwak niya at pampalinis niya,Gigisingin Siya ni Allah sa anumang [oras] na naisin Niya itong gisingin sa gabi,Maglilinis siya sa kanyang mga ngipin [gamit ang Siwak],at magsasagawa ng Wudhu at magdadasal

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapahayag ni `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya-na inihahanda niya para sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Siwak niya at tubig na gagamitin niya sa pagsasagawa ng Wudhu sa gabi,Pagkatapos ay Gigisingin siya ni Allah-Mapagpala Siya at Pagkataas-taas- mula sa pagtulog niya sa kahit anong oras ng gabi,At kapag nagising na siya,ginagawa niya ang paglilinis sa mga ngipin niya gamit ang Siwak,upang matanggal ang kakaibang amoy ng bunganga na kadalasang nangyayari sa pagtulog,Pagkatapos ay nagsasagawa siya ng Wudhu para sa pagdarasal,pagkatapos ay nagdadasal siya ng dasal sa gabi.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3758